

Health Net Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan) na iniaalok ng Health Net Community Solutions, Inc.

Taunang Abiso ng Mga Pagbabago para sa 2022

Panimula

Kasalukuyan kayong nakatala bilang miyembro ng Health Net Cal MediConnect (Medicare-Medicaid Plan). Sa susunod na taon, magkakaroon ng ilang pagbabago sa mga benepisyo, pagsaklaw, panuntunan, at gastusin ng plano. Ang *Taunang Abiso ng Mga Pagbabago* ang nagpapaalam sa inyo ng mga pagbabago at kung saan makakakita ng higit pang impormasyon tungkol sa mga ito. Ang mga pangunahing termino at kahulugan ng mga ito ay ipinapakita sa alpabetikong pagkakaayos sa huling kabanata ng *Handbook ng Miyembro*.

Talaan ng Nilalaman

A. Mga Pagtatatuwa ng Pananagutan	3
B. Pagsusuri sa inyong Pagsaklaw ng Medicare at Medi-Cal para sa susunod na taon	3
B1. Mga karagdagang mapagkukunan	4
B2. Impormasyon tungkol sa Health Net Cal MediConnect	5
B3. Mahahalagang bagay na dapat gawin:	6
C. Mga pagbabago sa mga provider at parmasyang nasa network	7
D. Mga pagbabago sa mga benepisyo at gastos para sa susunod na taon	8
D1. Mga pagbabago sa mga benepisyo at gastos para sa mga medikal na serbisyo	8
D2. Mga pagbabago sa pagsaklaw sa inireresetang gamot	10
D3. Yugto 1: “Yugto ng Inisyal na Pagsaklaw”	12
D4. Yugto 2: “Yugto ng Catastrophic na Pagsaklaw”	14
E. Paano pumili ng plano	14
E1. Paano manatili sa aming plano	14

Kung mayroon kayong mga tanong, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3572 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, pumunta sa mmp.healthnetcalifornia.com.



E2. Paano magpalit ng mga plano	15
F. Paano makakahingi ng tulong	18
F1. Paghingi ng tulong mula sa Health Net Cal MediConnect	18
F2. Paghingi ng tulong mula sa broker ng pagpapatala ng estado	18
F3. Paghingi ng tulong mula sa Cal MediConnect Ombuds Program	18
F4. Paghingi ng tulong mula sa Programang Pagpapayo at Pagtataguyod ng Insurance sa Kalusugan	19
F5. Paghingi ng tulong mula sa Medicare	19
F6. Paghingi ng tulong mula sa Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California (California Department of Managed Health Care).....	20



Kung mayroon kayong mga tanong, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3572 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, pumunta sa mmp.healthnetcalifornia.com.

A. Mga Pagtatatuwa ng Pananagutan

- ❖ Hindi ito kumpletong listahan. Ang impormasyon ng benepisyo ay isang maikling buod, hindi kumpletong paglalarawan ng mga benepisyo. Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa plano o basahin ang *Handbook ng Miyembro* ng Health Net Cal MediConnect.

B. Pagsusuri sa inyong Pagsaklaw ng Medicare at Medi-Cal para sa susunod na taon

Mahalagang suriin ang inyong pagsaklaw ngayon para matiyak na matutugunan pa rin nito ang inyong mga pangangailangan sa susunod na taon. Kung hindi nito matutugunan ang inyong mga pangangailangan, maaari kayong umalis sa plano. Sumangguni sa seksyon E2 para sa higit pang impormasyon.

Kung aalis kayo sa Health Net Cal MediConnect, ang inyong membership ay matatapos sa huling araw ng buwan na makukuha namin ang inyong kahilingan.

Kung aalis kayo sa aming plano, mananatili pa rin kayo sa mga programa ng Medicare at Medi-Cal hangga't karapat-dapat kayo.

- Magkakaroon kayo ng opsyon sa kung paano makukuha ang inyong mga benepisyo ng Medicare (sumangguni sa pahina 15).
- Makukuha ninyo ang inyong mga benepisyo ng Medi-Cal sa pamamagitan ng plano para sa pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal na gusto ninyo (sumangguni sa pahina 17 para sa higit pang impormasyon).

Kung mayroon kayong mga tanong, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3572 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, pumunta sa mmp.healthnetcalifornia.com.



B1. Mga karagdagang mapagkukunan

- **ATENCIÓN:** Si usted habla español, hay servicios de asistencia de idiomas disponibles para usted sin cargo. Llame al 1-855-464-3572 (TTY: 711) de 8:00 a.m. a 8:00 p.m., de lunes a viernes. Después del horario de atención, los fines de semana y los días feriados puede dejar un mensaje. Le devolveremos la llamada el siguiente día hábil. La llamada es gratuita.
- **PAALALA:** Kung nagsasalita kayo ng Tagalog, available sa inyo ang mga serbisyo ng tulong sa wika, nang walang singil. Tumawag sa 1-855-464-3572 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Paglipas ng mga oras ng negosyo, tuwing Sabado at Linggo at sa pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. Ang inyong tawag ay ibabalik sa loob ng susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag.
- **注意:** 如果您說中文，可獲得免費的語言協助服務。請致電 1-855-464-3572（聽語障專線：711），服務時間為週一至週五上午 8 點至下午 8 點。在非工作時間、週末及假日，您可以留言。我們將會在下個工作日回電給您。此為免費電話。
- **XIN LU'U Ý:** Nếu quý vị nói tiếng Việt, chúng tôi sẵn có dịch vụ hỗ trợ ngôn ngữ miễn phí dành cho quý vị. Hãy gọi 1-855-464-3572 (TTY: 711) từ 8 giờ sáng đến 8 giờ tối, từ thứ Hai đến hết thứ Sáu. Sau giờ làm việc, vào các ngày cuối tuần và ngày lễ, quý vị có thể để lại tin nhắn. Cuộc gọi của quý vị sẽ được hồi đáp vào ngày làm việc hôm sau. Cuộc gọi này miễn phí.

• **تنبيه:** إذا كنت تتحدث العربية، تتوفر لك خدمات المساعدة اللغوية مجانًا. يُرجى الاتصال بالرقم 1-855-464-3572 (TTY: 711)، من الساعة 8:00 صباحًا حتى 8:00 مساءً، من يوم الاثنين إلى الجمعة، وللاتصال في غير أوقات الدوام الرسمي، أيام الأجازات والعطلات، يمكنك ترك رسالة سنرد على مكالمتك في يوم العمل التالي. هذه المكالمة مجانية.

• **توجه:** اگر به زبان فارسی صحبت می کنید، خدمات کمک زبانی، به صورت رایگان، در دسترس شما قرار دارد. دوشنبه تا جمعه از ساعت 8 صبح تا 8 شب با شماره 1-855-464-3572 (TTY:711) تماس بگیرید. پس از این ساعت ها، آخر هفته ها و تعطیلات رسمی می توانید پیام بگذارید. روز کاری بعدی به تماس شما پاسخ داده می شود. این تماس رایگان است.

- Maaari ninyong makuha ang Taunang Abiso ng Mga Pagbabago na ito nang libre sa ibang format, gaya ng malaking print, braille, o audio. Tumawag sa 1-855-464-3572 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag.

Kung mayroon kayong mga tanong, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3572 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** pumunta sa mmp.healthnetcalifornia.com.



- Gustong masiguro ng Health Net Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan) na nauunawaan ninyo ang impormasyon sa inyong planong pangkalusugan. Maaari kaming magpadala sa inyo ng mga materyal sa hinaharap sa ibang wika at/o alternatibong format, kung hihilingin ninyo ito sa ganitong paraan. Tinatawag itong “pangmatagalang kahilingan.” Itatala namin ang inyong pinili.
- Pakitawagan kami kung:
 - Gusto ninyong makuha ang inyong mga materyal sa Arabic, Spanish, Tagalog, Vietnamese, Chinese, Farsi at/o sa isang alternatibong format.
 - Gusto ninyong baguhin ang wika at/o format na ipinadala namin sa inyo sa mga materyal.

Kung kailangan ninyo ng tulong sa pag-unawa sa mga materyal ng inyong plano, makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3572 (TTY: 711). Ang mga oras na bukas ay mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok.

B2. Impormasyon tungkol sa Health Net Cal MediConnect

- Ang Health Net Community Solutions, Inc. ay isang planong pangkalusugan na nakikipagkontrata sa parehong Medicare at Medi-Cal upang magbigay ng mga benepisyo ng parehong programa sa mga nakatala.
- Ang pagsaklaw sa ilalim ng Health Net Cal MediConnect ay may pangkuwalipikang pagsaklaw sa kalusugan na tinatawag na “minimum na mahalagang pagsaklaw.” Tinutugunan nito ang kinakailangan sa indibidwal na pinagbabahagiang responsibilidad ng Patient Protection and Affordable Care Act’s (ACA). Pakibisita ang website ng Serbisyo sa Panloob na Kita (Internal Revenue Service o IRS) sa www.irs.gov/affordable-care-act/individuals-and-families para sa higit pang impormasyon sa kinakailangan sa indibidwal na nakabahaging pananagutan.
- Ang Health Net Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan) ay iniaalok ng Health Net Community Solutions, Inc. Sa tuwing babanggitin sa *Taunang Abiso ng mga Pagbabago* na ito ang “kami,” “namin,” o “amin,” tinutukoy nito ang Health Net Community Solutions, Inc. Sa tuwing babanggitin nito “ang plano” o “ang aming plano,” tinutukoy nito ang Health Net Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan).

Kung mayroon kayong mga tanong, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3572 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, pumunta sa mmp.healthnetcalifornia.com.



B3. Mahahalagang bagay na dapat gawin:

- **Alamin kung may anumang pagbabago sa aming mga benepisyo at gastos na maaaring makaapekto sa inyo.**
 - Mayroon bang anumang pagbabago na makakaapekto sa mga serbisyong ginagamit ninyo?
 - Mahalagang suriin ang mga pagbabago sa benepisyo at gastusin para matiyak na hindi ito makakaapekto sa inyo sa susunod na taon.
 - Tingnan ang seksyon D para sa impormasyon tungkol sa mga pagbabago sa benepisyo at gastusin para sa aming plano.
- **Alamin kung may anumang pagbabago sa aming mga pagsaklaw sa inireresetang gamot na maaaring makaapekto sa inyo.**
 - Masasaklawan ba ang inyong mga gamot? Nasa ibang tier ba ito ng pagbabahagi sa gastos? Maaari ba ninyong patuloy na gamitin ang parehong mga parmasya?
 - Mahalagang suriin ang mga pagbabago para matiyak na hindi makakaapekto sa inyo ang aming pagsaklaw ng gamot sa susunod na taon.
 - Tingnan ang seksyon D2 para sa impormasyon tungkol sa mga pagbabago sa aming pagsaklaw ng gamot.
 - Maaaring tumaas ang mga gastusin sa gamot simula noong nakaraang taon.
 - Kausapin ang inyong doktor tungkol sa mga mas murang alternatibo sa gastusin na maaaring maging available para sa inyo; maaari kayong makatipid sa mga taunang gastusin mula sa bulsa sa kabuuan ng taon.
 - Para makakuha ng karagdagang impormasyon sa mga presyo ng gamot, pumunta sa www.medicare.gov/drug-coverage-part-d/costs-for-medicare-drug-coverage. (I-click ang link na “mga dashboard” sa gitna ng Tala hanggang sa dulo ng pahina. Itinatampok ng mga dashboard na ito kung aling mga manufacturer ang nagtataas ng kanilang mga presyo at ipinapakita rin ang iba pang impormasyon tungkol sa presyo ng gamot kumpara sa ibang taon.)
 - Tandaan na malalaman mula sa mga benepisyo ng inyong plano kung gaano ang eksaktong halagang mababago sa inyong gamot.
- **Tingnan kung ang inyong mga provider at parmasya ay kabilang sa aming network sa susunod na taon.**
 - Nasa network ba namin ang inyong mga doktor, kabilang ang inyong mga espesyalista? Gayon din ba ang inyong parmasya? Paano naman ang mga ospital o iba pang tagapagkaloob na inyong ginagamit?

Kung mayroon kayong mga tanong, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3572 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, pumunta sa mmp.healthnetcalifornia.com.



- Tingnan ang seksyon C para sa impormasyon tungkol sa aming *Direktoryo ng Provider at Parmasya*.
- **Pag-isipan ang inyong mga kabuuang gastusin sa plano.**
 - Magkano ang inyong gagastusin mula sa bulsa para sa mga serbisyo at inireresetang gamot na regular ninyong ginagamit?
 - Ano ang kaibahan ng mga kabuuang gastusin sa iba pang opsyon sa pagsaklaw?
- **Pag-isipan kung masaya kayo sa aming plano.**

Kung pagpapasyahan ninyong manatili sa Health Net Cal MediConnect:

Kung gusto ninyong manatili sa amin sa susunod na taon, madali lang – wala kayong kailangang gawin. Kung hindi kayo gagawa ng pagbabago, awtomatiko kayong mananatiling nakatala sa aming plano.

Kung magpapasya kayong magpalit ng mga plano:

Kung mapagpasyahan ninyong mas matutugunan ng ibang pagsaklaw ang inyong mga pangangailangan, maaari kayong magpalit ng mga plano (sumangguni sa seksyon E2 para sa higit pang impormasyon). Kung magpapatala kayo sa isang bagong plano, magsisimula ang inyong bagong pagsaklaw sa unang araw ng kasunod na buwan. Tingnan ang seksyon E2, pahina 15 para matuto pa tungkol sa inyong mga pagpipilian.

C. Mga pagbabago sa mga provider at parmasyang nasa network

Nabago ang aming mga provider at parmasyang nasa network para sa taong 2022.

Lubos naming inirerekomenda na **basahin ninyo ang kasalukuyan naming *Direktoryo ng Provider at Parmasya*** para malaman kung nasa network pa rin namin ang inyong mga provider o parmasya. Makikita ang updated na *Direktoryo ng Provider at Parmasya* sa aming website sa mmp.healthnetcalifornia.com/findadoctor. Puwede rin ninyong tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-855-464-3572 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes para sa updated na impormasyon ng provider o para hilingin sa amin na padalhan kayo sa mail ng *Direktoryo ng Provider at Parmasya*.

Mahalagang alam ninyo na maaari rin kaming gumawa ng mga pagbabago sa aming network sa buong taon. Kung umalis sa aming plano ang inyong tagapagkaloob, mayroon kayong mga partikular na karapatan at proteksiyon. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang Kabanata 3 ng inyong *Handbook ng Miyembro*.

Kung mayroon kayong mga tanong, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3572 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, pumunta sa mmp.healthnetcalifornia.com.



D. Mga pagbabago sa mga benepisyo at gastos para sa susunod na taon

D1. Mga pagbabago sa mga benepisyo at gastos para sa mga medikal na serbisyo

Babaguhin namin ang aming pagsaklaw para sa ilang partikular na medikal na serbisyo at ang inyong babayaran para sa mga sinasaklaw na medikal na serbisyo ito sa susunod na taon. Inilalarawan sa talahanayan sa ibaba ang mga pagbabagong ito.

	2021 (ngayong taon)	2022 (susunod na taon)
Mga Hearing Aid	<p>Magbabayad kayo ng \$0 copay</p> <p>Ang mga benepisyo sa hearing aid ay \$1,510 bawat fiscal na taon (Hulyo 1 - Hunyo 30), at may kasamang mga mold, supply para sa modipikasyon, at accessory.</p>	<p>Magbabayad kayo ng \$0 copay</p> <p>Ang maximum na halaga ng saklaw ng benepisyo ng plano para sa mga benepisyo sa hearing aid ay \$1,510 bawat fiscal na taon (Hulyo 1 - Hunyo 30).</p> <p>Ang pagpapalit sa mga hearing aid na nawala, nanakaw, o nasira nang tuluyan dahil sa mga pangyayaring hindi kontrolado ng recipient ay hindi kasama sa \$1,510 na maximum na halaga ng saklaw ng benepisyo ng plano.</p> <p>Kabilang sa mga benepisyo sa hearing aid ang mga mold, modipikasyon, supply, accessory, ilang repair, pagsasanay, adjustment, at fitting. Posibleng nangangailangan ng pahintulot ang ilang serbisyo sa hearing aid.</p>

Kung mayroon kayong mga tanong, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3572 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag.

Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa mmp.healthnetcalifornia.com.



	2021 (ngayong taon)	2022 (susunod na taon)
<p>Programa ng mga Pangmaramihang Layuning Serbisyo para sa Matatanda (Multi-Purpose Senior Services Program o MSSP)</p> <p>(Ipinagpapatuloy ang seksyong ito sa susunod na pahina)</p>	<p>Magbabayad kayo ng \$0 copay</p> <p>Ang MSSP ay isang programa ng pamamahala sa kaso na nagbibigay ng Mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad (Home and Community-Based Services, HCBS) sa mga indibiduwal na karapat-dapat sa Medi-Cal.</p> <p>Para maging karapat-dapat, kayo dapat ay 65 taong gulang o mas matanda pa, nakatira sa loob ng isang lugar ng serbisyo ng site, mapaglilingkuran sa loob ng mga limitasyon sa halaga ng MSSP, maging naaangkop para sa mga serbisyo sa pamamahala ng pangangalaga, kasalukuyang karapat-dapat para sa Medi-Cal, at sertipikado o masesertipikahan para ilagay sa isang pasilidad ng pangangalaga.</p> <p>Kasama sa mga serbisyo ng MSSP ang:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Day Care o Center para sa Suporta para sa Adulto • Tulong sa Pabahay • Tulong para sa Gawain at Pangangalaga sa Sarili 	<p>Ang Multi-Purpose Senior Services Program (MSSP) ay hindi saklaw.</p>

Kung mayroon kayong mga tanong, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3572 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag.

Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa mmp.healthnetcalifornia.com.



	2021 (ngayong taon)	2022 (susunod na taon)
<p>Programa ng mga Pangmaramihang Layuning Serbisyo para sa Matatanda (Multi-Purpose Senior Services Program o MSSP) (Ipinagpatuloy)</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsubaybay nang may Proteksiyon • Pamamahala sa Pangangalaga • Pahinga • Transportasyon • Mga Serbisyo sa Pagkain • Mga Serbisyong Panlipunan • Mga Serbisyo sa Pakikipag-ugnayan <p>Sinasaklaw ang benepisyong ito hanggang sa \$5,356.25 kada taon.</p>	
<p>Paunang Pahintulot</p>	<p>Hindi nangangailangan ng paunang pahintulot ang mga sumusunod:</p> <p>Mga Hearing Aid</p>	<p>Kinakailangan ang paunang pahintulot sa mga sumusunod:</p> <p>Mga Hearing Aid</p>

D2. Mga pagbabago sa pagsaklaw sa inireresetang gamot

Mga Pagbabago sa aming Listahan ng Gamot

Makikita ang updated na *Listahan ng Mga Saklaw na Gamot* sa aming website sa mmp.healthnetcalifornia.com/formulary. Puwede rin ninyong tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-855-464-3572 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes para sa updated na impormasyon sa gamot o para hilingin sa amin na padalhan kayo sa mail ng *Listahan ng Mga Saklaw na Gamot*.

Ang *Listahan ng Mga Saklaw na Gamot* ay tinatawag ding “Listahan ng Gamot.”

Gumawa kami ng mga pagbabago sa aming Listahan ng Gamot, kasama ang mga pagbabago sa mga gamot na sinasaklaw namin, at ang mga pagbabago sa mga paghihigpit na nalalapat sa aming saklaw para sa ilang partikular na gamot.

Suriin ang Listahan ng Gamot para **matiyak na ang inyong mga gamot ay masasaklaw sa susunod na taon** at para malaman kung magkakaroon ng anumang paghihigpit.

Kung mayroon kayong mga tanong, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3572 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, pumunta sa mmp.healthnetcalifornia.com.



Kung naapektuhan kayo ng isang pagbabago, hinihikayat namin kayong:

- Makipagtulungan sa inyong doktor (o iba pang tagareseta) para makahanap ng ibang gamot na sinasaklaw namin.
 - Maaari ninyong tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-855-464-3572 (TTY: 711), mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes para humingi ng listahan ng mga saklaw na gamot na gagamot sa parehong kondisyon.
 - Makakatulong ang listahang ito sa inyong tagapagkaloob na makahanap ng isang nasasaklawang gamot na maaaring mabisa sa inyo.
- Hilingin sa plano na magsaklaw ng pansamantalang supply ng gamot.
 - Sa ilang sitwasyon, sasaklawin namin ang **pansamantalang** supply ng gamot sa panahon ng unang 90 araw ng taon sa kalendaryo.
 - Ang pansamantalang supply na ito ay para sa hanggang 30 araw na gamot sa isang retail na parmasya, at para sa hanggang 31 araw na supply ng gamot sa isang parmasya para sa pangmatagalang pangangalaga. (Para matuto pa tungkol sa kung kailan kayo maaaring makakuha ng pansamantalang supply o kung paano humiling nito, sumangguni sa Kabanata 5 ng *Handbook ng Miyembro*.)
 - Kapag kukuha kayo ng pansamantalang supply ng isang gamot, kailangan ninyong makipag-usap sa inyong doktor para magdesisyon kung ano ang dapat gawin kapag naubos ang inyong pansamantalang supply. Maaari kayong lumipat sa ibang gamot na sinasaklaw ng plano o hilingin sa planong magkaroon ng pagbubukod para sa inyo at saklawin ang inyong kasalukuyang gamot. Para malaman ang dapat ninyong gawin para humiling ng pagbubukod, sumangguni sa Kabanata 9, seksyon F ng 2022 Handbook ng Miyembro o tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro.
 - Kung mahigit sa 90 araw na kayong kabilang sa plano at nakatira kayo sa pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga, sasaklawin namin ang isang beses na 31 araw na supply, o mas kaunti kung mas kaunting araw ang inireseta sa inyo. Bukod pa ito sa supply para sa paglipat sa pangmatagalang pangangalaga.
 - Kung lilipat kayo sa bahay mula sa isang pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga o ospital, sasaklawin namin ang 30 araw na supply, o mas kaunti kung para sa mas kaunting araw ang ibinigay sa inyong reseta (kung saan papahintulutan lang namin ang mga muling pagpupuno para magbigay ng hanggang sa kabuuang 30 araw na supply ng gamot).
 - Kung lilipat kayo sa isang pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga mula sa bahay o ospital, sasaklawin namin ang 31 araw na supply, o mas kaunti kung para sa mas kaunting araw ang ibinigay sa inyong reseta (kung saan papahintulutan lang namin ang mga muling pagpupuno para magbigay ng hanggang sa kabuuang 31 araw na supply ng gamot). Kailangan ninyong punuin ang inireresetang gamot sa isang parmasya na nasa network.

Kung mayroon kayong mga tanong, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3572 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag.

Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa mmp.healthnetcalifornia.com.



Ang ilang pagbubukod sa Listahan ng Gamot ay sasaklawin pa rin sa susunod na taon. Ipapaalam sa inyo ang mga pagbubukod na ito sa isang liham ng pag-apruba na ipapadala namin sa inyo. Ang liham ng pag-apruba ay maglalaman ng higit pang impormasyon tungkol sa (mga) partikular na pagbubukod sa gamot, at ang petsa ng pag-expire ng kahilingan ninyo para sa pagbubukod. Para malaman ang dapat ninyong gawin para humiling ng pagbubukod, sumangguni sa Kabanata 9, seksyon F ng 2022 Handbook ng Miyembro o tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro.

Mga pagbabago sa mga gastusin sa inireresetang gamot

Mayroong dalawang yugto ng pagbabayad para sa pagsaklaw ng inyong inireresetang gamot na nasa Medicare Part D sa ilalim ng Health Net Cal MediConnect. Kung magkano ang inyong babayaran ay depende kung nasaang yugto kayo kapag pinapuno o muling pinapuno ninyo ang isang gamot. Mayroong dalawang yugto:

Yugto 1 Yugto ng Inisyal na Pagsaklaw	Yugto 2 Yugto ng Catastrophic na Pagsaklaw
<p>Sa panahon ng yugtong ito, babayaran ng plano ang bahagi ng mga gastos sa inyong mga gamot, at babayaran ninyo ang inyong bahagi. Ang inyong bahagi ay tinatawag na copay.</p> <p>Magsisimula kayo sa yugtong ito kapag pinapuno ninyo ang inyong unang inireresetang gamot ng taon.</p>	<p>Sa yugtong ito, babayaran ng plano ang lahat ng gastusin sa inyong mga gamot hanggang Disyembre 31, 2022.</p> <p>Sinisimulan ninyo ang yugtong ito kapag nabayaran ninyo ang ilang gastos ng mga gastos mula sa balsa.</p>

Ang Yugto ng Inisyal na Pagsaklaw ay matatapos kapag umabot ang inyong kabuuang gastos mula sa balsa para sa mga inireresetang gamot sa **\$7,050**. Sa puntong iyon, magsisimula ang Yugto ng Catastrophic na Pagsaklaw. Sasaklawin ng plano ang lahat ng inyong gastos sa gamot mula doon hanggang sa katapusan ng taon. Sumangguni sa Kabanata 6 ng inyong *Handbook ng Miyembro* para sa higit pang impormasyon sa kung magkano ang babayaran ninyo para sa mga inireresetang gamot.

D3. Yugto 1: “Yugto ng Inisyal na Pagsaklaw”

Sa panahon ng Inisyal na Yugto ng Pagsaklaw, babayaran ng plano ang bahagi ng gastos ng inyong mga sinasaklawang inireresetang gamot, at babayaran ninyo ang inyong bahagi. Ang inyong bahagi ay tinatawag na copay. Ang copay ay depende sa kung nasa anong tier ng pagbabahagi sa gastos (cost-sharing tier) ang gamot at kung saan ninyo ito nakukuha. Magbabayad kayo ng copay sa tuwing pupunan ninyo ang isang reseta. Kung mas mura ang mga gastos ng inyong sinasaklawang gamot kaysa sa copay, babayaran ninyo ang mas mababang presyo.

Kung mayroon kayong mga tanong, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3572 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag.

Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa mmp.healthnetcalifornia.com.



Inilipat namin ang ilang gamot sa Listahan ng Gamot sa mas mababa o mas mataas na tier ng gamot. Kung magpapalipat-lipat ang inyong mga gamot mula sa isang tier papunta sa isa pa, posible itong makaapekto sa inyong copay. Para malaman kung ang inyong mga gamot ay mapupunta sa ibang tier, hanapin ang mga ito sa Listahan ng Gamot.

Ipinapakita sa mga sumusunod na talahanayan ang inyong mga gastos para sa mga gamot sa bawat isa sa aming 3 tier ng gamot. Ang mga halagang ito ay nalalapat **lang** sa panahon kung kailan kayo ay nasa Inisyal na Yugto ng Pagsaklaw.

	2021 (ngayong taon)	2022 (susunod na taon)
<p>Mga Gamot sa Tier 1</p> <p>(Kasama sa mga Tier 1 na gamot ang mga generic na gamot.)</p> <p>Gastos para sa isang buwang supply ng gamot sa Tier 1 na kinuha sa isang parmasya ng network</p>	<p>Ang inyong copay para sa isang buwan (30 araw) na supply ay \$0 - \$3.70 kada reseta.</p>	<p>Ang inyong copay para sa isang buwan (30 araw) na supply ay \$0 - \$3.95 kada reseta.</p>
<p>Mga Gamot sa Tier 2</p> <p>(Kasama sa mga Tier 2 na gamot ang mga branded na gamot at puwede itong magkaroon ng ilang generic na gamot.)</p> <p>Gastos para sa isang buwang supply ng gamot sa Tier 2 na kinuha sa isang parmasya ng network</p>	<p>Ang inyong copay para sa isang buwan (30 araw) na supply ay \$0 - \$9.20 kada reseta.</p>	<p>Ang inyong copay para sa isang buwan (30 araw) na supply ay \$0 - \$9.85 kada reseta.</p>

